



Bagong mascot ng Gifu Police

# IMAWATARI BULLETIN

QRコード


回　覧

**January 2023**

**Issue:** Kani Police Station



**Presinto ng Imawatari**
0574-63-5739




## Para sa Ligtas na Pagmamaneho Ngayong Tag-Lamig





### MAHIGPIT NA IPINAGBABAWAL ANG MGA 【BIGLAANG GALAW】 SA KALSADA

Tuwing umuulan ng niyebe o kaya ay kung nagyeyelo ang daan, ang mga biglaang galaw ng sasakan katulad ng biglaang pagpihit ng manibela, biglaang andar, biglaang pagbilis ng takbo ng sasakyan atb. ay nagiging sanhi ng aksidente sa kalsada. Iwasan ang mga biglaang galaw ng sasakyan at pagtuunan ng pansin ang maingat na pagmamaneho.

### HINAAN ANG TAKBO NG SASAKYAN AT MAGBIGAY NG SAPAT NA DISTANSYA

Para sa ligtas na pagmamaneno,bagalan ang pagmamaneho, bigyan ng sapat na distansiya ang pagitan ng bawat sasakyan. Malaki din ang posibilidad na magyelo at maging madulas ang mga matatarik na kalsada, taas na bahagi ng tulay, labasan ng mga tunnel, at iba pang parte ng kalsadang hindi nasisinagan ng araw. Dahil sa ganitong lagay ng kalsada, laging magdagdag ingat sa pagmamaneho.



## Ang Enero 10 ay [110 no Hi]

**Sa mabilis na pagtawag sa 110, mabilis din ang pag lutas sa krimen**

KUNG TATAWAG SA 110, ANO ANG MGA DAPAT TANDAAN AT SABIHIN:




1. Anong meron?
   - Krimen ba?　Aksidente ba?
2. Kailan ito nangyari?
   - Saan ito nangyari?
3. Ano ang kasalukuyang sitwasyon?
   - May mga nasaktan ba?
4. Saan tumakas ang salarin?
   - babae ba lalaki？
   - Anong suot na damit
   - Mga ilang taon？
5. Inyong pangalan, tirahan, telephone number

## MAG-INGAT SA MGA AKYAT-BAHAY

**Bilang ng mga Naitalang Insidente**
(Mula Enero 2023 hanggang Nobyembre ng kasalukuyang taon)

- Paligid ng Kani Police Station　**50 na kaso**
- Paligid ng Imawatari Koban　**7 na kaso**

**Sitwasyon sa Paligid ng Presinto ng Imawatari**

- Pinaka maraming kaso na naitala ay ang pagnanakaw sa loob ng bahay at ware houses



### PAIGTINGIN ANG SEGURIDAD

- Bago lumabas ng bahay, siguruhing naka lock lahat ng mga pinto at bintana
- Kahit saglit lang na lalabas ng bahay, I-lock pa rin ito
- I-check ng mabuti, hindi lang ang main entrance, kundi lahat ng parte ng bahay

### MGA MAARING GAWIN PARA MASIGURO ANG SEGURIDAD

- Maglagay ng Sensor light at CCTV
- Maglagay ng double lock, maglagay ng security film sa mga salamin atb.
- Maglagay ng security gravel sa paligid ng bahay

*Police Safety Consultation Dial* **#9110**